English	Filipino
Collecting and storing customer information in COVID-19	**Pangangalap at pagtatabi ng impormasyon ng kostumer sa COVID-19**
As a business owner, you may need to request the personal information of customers to help ACT Health workers find people who have visited your business if someone who works for you or one of your customers tests positive for COVID-19.	Bilang isang may-ari ng negosyo, maaaring kailanganin mong hilingin ang personal na impormasyon ng mga kostumer upang tulungan ang mga manggagawa ng ACT Health na matunton ang mga taong bumisita sa iyong negosyo, kung may isa kang tauhan o isa sa iyong mga kostumer ay nag-positibo sa COVID-19.
This guideline will help you manage the privacy of customers' personal information in a way that meets privacy law and good privacy practice.	Tutulungan ka ng patnubay na ito na pangasiwaan ang pagkapribado ng personal na impormasyon ng mga kostumer sa paraan na tumutugon sa batas ng pagkapribado at tamang pamamahala ng pagkapribado.
Collecting and storing information about customers is something many businesses already do. For example, businesses store and collect information when taking bookings, fulfilling orders, taking payments and confirming appointments.	Ang pangangalap at pagtatabi ng impormasyon tungkol sa mga kostumer ay isang bagay na ginagawa na ng maraming negosyo. Halimbawa, ang mga negosyo ay nagtatabi at nangangalap ng impormasyon kapag kumukuha ng booking, tumutupad ng mga order, kumukuha ng mga kabayaran at pagpapatunay ng tipanan.
If you provide a health service or your business has an annual turnover of more than $3 million per year, you must comply with the Privacy Act 1988 (Cth) in the way that information is collected, used and disclosed. For more information please contact the Office of the Australian Information Commissioner: www.OAIC.gov.au	Kung ikaw ay nagbibigay ng isang serbisyong pangkalusugan o ang iyong negosyo ay may taunang kita na higit sa $3 milyon bawat taon, dapat mong sundin ang Privacy Act 1988 (Cth) sa paraan ng pangangalap, paggamit at pagsiwalat ng impormasyon. Para sa karagdagang impormasyon mangyaring makipag-ugnay sa Office of the Australian Information Commissioner: www.OAIC.gov.au
Even if your business is not covered by the Privacy Act, it is good privacy practice to tell people why you are asking for the information, who will have access to it, how it will be kept safe and make sure you stick to those rules.	Kahit na ang iyong negosyo ay hindi saklaw ng Privacy Act, tamang gawi sa pagkapribado ang sabihan ang mga tao kung bakit ka naghihingi ng impormasyon, kung sino ang makakagamit nito, kung paano ito itatabi nang ligtas at titiyakin mong susunod ka sa mga patakarang ito.

Requirement to ask for contact information	**Kahingian sa paghingi ng impormasyon ng kontak (contact information)**
During the declared COVID-19 emergency, the ACT Chief Health Officer has powers under the Public Health Act (1997) to make any directions necessary to assist in containing, or responding to, the spread of COVID-19 within the community.	Habang nakadeklara ang emerhensiyang COVID-19, ang ACT Chief Health Officer ay may kapangyarihan sa ilalim ng Public Health Act (1997) na gawin ang anumang mga direksyon na kinakailangan upang makatulong sa pagkontrol o pagtugon sa pagkalat ng COVID-19 sa loob ng komunidad.
These directions may be updated as the situation changes. The Public Health (Emergency) Directions can be found at https://legislation.act.gov.au/ni/2020-153/.	Ang mga tagubiling ito ay maaaring isapanahon (updated) kung magbabago ang sitwasyon. The Public Health (Emergency) Directions ay matatagpuan sa https://legislation.act.gov.au/ni/2020-153/.
Under the Chief Health Officer's Public Health Directions, some businesses now need to request contact information from their customers, for use in contact tracing.	Sa ilalim ng Chief Health Officer's Public Health Directions, ang ilang mga negosyo ay kailangan ngayong humingi ng contact information mula sa kanilang mga kostumer, para gamitin sa pagtunton ng kontak (contact tracing).
As of (11.59pm, 29 May 2020) businesses in the ACT that need to request the first name and contact number of every patron or attendee (including those under 18 years of age) include:	Simula (11:59ng, 29 Mayo 2020), ang mga negosyo sa ACT na kailangang humiling ng unang pangalan at numero ng kontak ng bawat kliyente o dadalo (kabilang ang mga mas bata sa 18 taong gulang) ay kinabibilangan ng:
• restaurants, cafés and other hospitality venues • gyms, health clubs, fitness or wellness centres • yoga, barre, pilates and spin facilities • boot camps and personal trainers • auction houses • real estate auctions, display homes and open house inspections • funerals and wedding ceremonies • nail salons, beauty therapy, tanning and waxing services • tattoo and body modification parlours; and • day spas and non-therapeutic massage services.	• mga restoran at kapihan at iba pang mga lugar ng hospitalidad • mga gym, health club, fitness o wellness centre • mga pasilidad ng yoga, barre, pilates, spin n • mga boot camp at personal training • mga bahay-subastahan • mga auction ng real estate, mga modelong tahanan at mga open house na pagsisipat • mga libing at seremonya ng kasal • mga salon ng manikyur/pedikyur, pagpapaganda, mga serbisyo sa pagpapa-tan at pag-wax • mga parlor sa pagta-tato at modipikasyon sa katawan; at • mga day spa at mga serbisyo ng masahe na di-panggagamot.

If you receive the information, you should also record the date and time the person attended the business or undertaking. This is also needed for contact tracing.	Kung natanggap mo ang impormasyong ito, dapat mo ring itala ang petsa at oras ng pagdalo ng tao sa negosyo o sa gawain. Kailangan din ito sa contact tracing.
You are not required to verify this information or ask for identification. Patrons and attendees can decline to provide you with this information. If they do decline, you cannot refuse them service or entry on that basis.	Hindi mo kailangang beripikahin ang impormasyong ito o humingi ng pagkakakilanlan. Ang mga kliyente at mga dadalo ay maaaring tumangging magbigay sa iyo ng impormasyong ito. Kung sila ay tumanggi, hindi mo sila maaaring tanggihan ng serbisyo o hindi sila papasukin dahil dito.
The purpose of collecting personal information	**Ang layunin ng pangangalap ng personal na impormasyon**
You need to collect this information to help authorities in tracing infections of COVID-19 if they occur.	Kailangan mong kolektahin ang impormasyon na ito upang makatulong sa mga awtoridad sa pagtunton ng mga impeksyon ng COVID-19 kung mangyayari ang mga ito.
In many cases businesses will already be collecting this information for bookings or memberships. It is important to let customers know that their personal information may also be used for contact tracing if requested by health authorities	Sa maraming pagkakataon, ang mga negosyo ay nangangalap na ng impormasyong ito para sa booking o sa pagiging miyembro. Mahalagang ipaalam sa mga kostumer na ang kanilang personal na impormasyon ay maaari ring gamitin para sa contact tracing kung hilingin ng mga awtoridad ng kalusugan
How to protect customer privacy	**Paano pangangalagaan ang pagkapribado ng kostumer**
To comply with privacy laws and good privacy practice:	Upang sumunod sa mga batas ng pagkapribado at tamang gawi sa pagkapribado:
1. You should let people know before you collect the information for contact tracing.	1. Dapat mong ipaalam sa mga tao bago mo kolektahin ang impormasyon para sa contact tracing.
You should tell the customer what information you are collecting, how you will use it and how and when you will destroy it. You can do this by putting up a notice at your business and on your website that explains the information when you talk to your customer or client. Some examples are provided later in this document.	Dapat mong sabihin sa kostumer kung anong impormasyon ang iyong kokolektahin, paano mo ito gagamitin at kung paano at kailan mo ito wawasakin. Magagawa mo ito sa pamamagitan ng paglagay ng abiso sa iyong negosyo at sa iyong website na nagpapaliwanag tungkol sa impormasyon kapag kinausap mo ang iyong kustomer o kliyente. Ang ilang halimbawa ay ibibigay sa hulihan ng dokumentong ito.
2. You should securely store this information once you have collected it.	2. Dapat mong maingat na itabi ang impormasyong ito sa sandaling nakolekta mo na ito.

You should take steps to make sure that the information is kept securely and that it is not accessed by people who aren't authorised to have the information.	Dapat kang gumawa ng mga hakbang upang matiyak na ang impormasyon ay itinatabi nang ligtas at hindi makukuha ng mga taong walang karapatan sa impormasyon.
3. You should only provide this information to relevant health authorities where requested.	3. Dapat mo lamang ibigay ang impormasyong ito sa kaugnay na mga awtoridad ng kalusugan kung ito ay hihilingin.
Contact tracing is only done by health authorities, and you should only disclose the information to health authorities when they request it for contact tracing purposes.	Ang contact tracing ay ginagawa lamang ng mga awtoridad ng kalusugan, at dapat mo lamang isiwalat ang impormasyon sa mga awtoridad ng kalusugan kung hiniling nila ito para sa mga layunin ng contact tracing.
4. You should not disclose the information to anyone else. This means you should not give this information to other entities unless the customer has agreed to this sharing, or you are required to by law.	4. Hindi mo dapat isiwalat ang impormasyon sa ibang tao. Nangangahulugan na hindi mo dapat ibigay ang impormasyong ito sa ibang entidad, maliban na lang kung sumang-ayon ang kostumer sa pagsisiwalat nito, o kung ipinag-uutos sa iyo ng batas.
5. You should destroy this information after 28 days.	5. Dapat mong wasakin ang impormasyong ito pagkatapos ng 28 na araw.
You should destroy the information after 28 days. Delete all electronic files. If a paper copy of the information is kept it should be destroyed securely – eg. by shredding. Don't put it in a rubbish bin or recycling bin.	Dapat mong wasakin ang impormasyon pagkatapos ng 28 na araw. Burahin ang lahat ng mga elektronikong file. Kung ang papel na kopya ng impormasyon ay itinabi, ito ay dapat wasakin nang ligtas – halimbawa, sa pamamagitan ng pagpunit ng pino. Huwag itong itapon sa basurahan o recycle bin.
6. You should still comply with any other legal record keeping obligation that you might have.	6. Dapat mo pa ring sundin ang anumang obligasyon mo sa batas sa pagtatabi ng rekord.
Where can I get more information?	**Saan ako makakakuha ng karagdagang impormasyon?**
The Office of the Australian Information Commissioner can provide more information about privacy obligations: www.OAIC.gov.au. For the latest information about the COVID-19 emergency in the ACT, please go to https://www.covid19.act.gov.au	Ang Office of the Australian Information Commissioner ay makapagbibigay ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga obligasyon sa pagkapribado: www.OAIC.gov.au. Para sa pinakahuling impormasyon tungkol sa emerhensiyang COVID-19 sa ACT, mangyaring pumunta sa https://www.covid19.act.gov.au
Sample notices	**Halimbawa ng mga abiso**
Below are some examples of notices you could use to inform your customer.	Nasa ibaba ang ilang halimbawa ng mga abiso na magagamit mo sa pagbibigay ng impormasyon sa iyong kustomer.

Information requested for COVID-19 Contact tracing	**Impormasyong hinihiling para sa COVID-19 Contact tracing**
The ACT Public Health Emergency Directions require us to request your first name and phone number to allow for contact tracing, in case a client or staff member tests positive for COVID-19. This is to protect your health and safety and others in our community.	Ang ACT Public Health Emergency Directions ay nag-aatas sa amin na hilingin ang iyong unang pangalan at numero ng telepono para sa contact tracing, kung sakaling ang isang kliyente o tauhan ay nagpositibo ra COVID-19. Ito ay upang protektahan ang iyong kalusugan at kaligtasan, at ng iba pa sa ating komunidad.
We will only disclose your information to health authorities if they request us to do so following a positive COVID-19 test.	Isisiwalat lang namin ang iyong impormasyon sa mga awtoridad ng kalusugan kung hihilingin nila sa amin, kapag may nagpositibo sa COVID-19 test.
We will store your personal information securely and destroy it when no longer needed.	Ligtas naming itatabi ang iyong personal na impormasyon at wawasakin ito kapag hindi na kailangan.
Or (where this information is already being collected for other purposes)	**O (kung ang impormasyon na ito ay kinokolekta na para sa iba pang mga layunin)**
The ACT Public Health Emergency Directions require us to request your first name and phone number to allow for contact tracing, in case a client or staff member tests positive for COVID-19. This is to protect your health and safety and others in our community.	Ang ACT Public Health Emergency Directions ay nag-aatas sa amin na hilingin ang iyong unang pangalan at numero ng telepono para sa contact tracing, kung sakaling ang isang kliyente o tauhan ay nagpositibo ra COVID-19. Ito ay upang protektahan ang iyong kalusugan at kaligtasan, at ng iba pa sa ating komunidad.
Please be aware that this personal information you provide to us for booking or other purposes may be used for contact tracing if required by health authorities.	Mangyaring tandaan na ang personal na impormasyon na ibinigay mo sa amin para sa pag-book o iba pang mga layunin ay maaaring gamitin para sa contact tracing kung hihingin ng mga awtoridad ng kalusugan.
We will not disclose this information to anyone other than health authorities if they request this information, or unless you have otherwise agreed. The information will be stored securely and disposed of securely when no longer required.	Hindi namin isisiwalat ang impormasyong ito kaninuman, maliban sa mga awtoridad ng kalusugan kung hihingin nila ang impormasyong ito, o maliban na lang kung ito ay pinayagan mo. Ang impormasyon ay ligtas na nakatabi at sisirain nang ligtas kapag hindi na kailangan.